

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging tapat sa pagtupad ng Kayang mga pangako. Pasalamatan Siya sa mga pangakong ibinigay Niya sa iyo at sa iyong pamilya. Maniwala na tapat Niyang tutuparin ang mga ito.
- Sa iyong paghahangad sa Diyos, hilingin sa Kanya na dalhin ka mula sa pag-aalinlangan tungo sa pananampalataya, mula paghihirap tungo sa kalayaan, at mula takot tungo sa kapayapaan.
- Ipanalangin na ang iyong mga kapamilya at kaibigan ay lalago sa pananampalataya, magkakaroon ng kalayaan, at maranasan ang kapayapaan habang nakikita nila ang ginagawa ng Diyos sa kanilang mga buhay.

NOTES



© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE PROMISE FULFILLED

FILIPINO WEEK 2

Ang Awit ni Zacarias

WARM-UP

- Ibahagi sa amin ang pinaka-nakakalokong bali-balita na narinig mo? Totoo ba ito? Paano mo nalaman?
- Balikan ang isang panahon kung saan may isa kang pag-aari na nasira. Ano ang nangyari at paano ka tumugon dito?
- Kumpletuhin ang pangungusap: “Ang kalayaan ay tulad ng _____.”

WORD

⁶⁷Napuspos ng Banal na Espiritu ang ama ni Juan na si Zacarias at kanyang ipinahayag: ⁶⁸“Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel! Sapagkat inalala niya at tinubos ang kanyang bayan.” LUCAS 1:67,68

(Basahin din ang **LUCAS 1:5-25,57-80.**)

Ang saserdoteng si Zacarias at ang asawa niyang si Elizabet ay nananabik sa ipinangakong Tagapagligtas ng Israel. Bagamat sila ay *matuwid sa harap ng Diyos, sumusunod sa lahat ng mga utos ng Diyos at mga tuntunin ng Panginoon*, hindi sila nagkaka-anak. Isang araw, nang si Zacarias ay naninilbihan sa templo, may isang anghel na nagpakita sa kanya at nagsabing, *“Dininig ng Diyos ang panalangin mo. Magkakaanak ng isang lalaki ang asawa mong si Elizabet.”* Ang tugon ni Zacarias ay pag-aalinlangan. Dahil dito, siya ay naging pipi hanggang sa maipanganak ang kanyang anak na lalaki—*isang pangakong natupad sa kabila ng pagkawala ng Kanyang pananampalataya. Nang mangyari ito, ang una niyang binigkas ay awit ng pagdiriwang sa katapatan ng Diyos na tuparin ang Kanyang ipinangako. Sa araling ito, ating titignan ang ginawang pagliligtas ng Diyos upang dalhin tayo mula sa pag-aalinlangan tungo sa pananampalataya, mula paghihirap tungo sa kalayaan, at mula takot tungo sa kapayapaan.*

1 Mula sa Pag-aalinlangan tungo sa Pananampalataya

... Pagkatapos ay isinulat niya, “Juan ang ipapangalan sa kanya.” Nagtaka silang lahat. **LUCAS 1:63**

Nang si Elizabet ay magdalang tao at magsilang ng isang anak na lalaki, ang pangako ng Diyos kay Zacarias ay natupad. Ang tugon ni Zacarias ay hindi pagdududa, kundi pananampalataya. Sa pagsunod sa sinabi ng anghel, pinangalanan niya ang bata na Juan. Kapag narinig natin ang pangako ng Diyos, ang dapat nating tugon ay pananampalataya at pagsunod. Ibahagi ang isang pagkakataon na tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako upang patatagin ang iyong pananampalataya.

2 Mula sa Paghihirap tungo sa Kalayaan

“Sinugo niya sa atin ang makapangyarihang Tagapagligtas mula sa angkan ng lingkod niyang si David.” **LUCAS 1:69**

(Basahin din ang **LUCAS 1:70-75**.)

Sa mga panahong ito, ang Israel ay nasa ilalim ng Imperyo ng Roma, ang ikatlong imperyo na sumakop sa mga mamamayan ng Diyos. Naranasan ng Israel ang paghihirap sa ilalim ng mga imperyong ito. Gayunpaman, dahil sa kanyang bagong pananaw sa pananampalataya, naunawaan ni Zacarias na mayroong pag-asa at kalayaan para sa mga mamamayan ng Diyos dahil sa paparating na Tagapagligtas. Ngunit, gusto tayong palayain ng Diyos mula sa labis na pagpapahirap na dulot ng kasalanan. Dumating si Jesus upang palayain tayo mula sa pang-aalipin ng kasalanan. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Galacia 5:1 tungkol sa ating katayuan kay Cristo?

3 Mula sa Takot tungo sa Kapayapaan

... “Ikaw naman, anak ay tatawaging propeta ng Kataas-taasang Diyos, dahil mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang mga tao sa kanyang pagdating.” **LUCAS 1:76**

(Basahin din ang **LUCAS 1:77-79**.)

Dahil naniwala siya sa sinabi ng anghel, alam ni Zacarias na ang kanyang anak, si Juan, ang mauuna sa Panginoon upang ihanda ang mga tao sa kanyang pagdating. Mula sa takot na hindi matupad ang ipinangako, siya ay nagkaroon ng kapayapaan. Inaasam niya ang pagdating ng Tagapagligtas na siyang gagawa ng paraan upang sila ay makapaglingkod sa Kanya nang walang takot at dalhin sila sa daan ng kapayapaan. Ano ang sinasabi ng Isaias 9:7 tungkol sa kapayapaan na dadalhin ni Cristo sa lupa?

APPLICATION

- Kapag pinapangakuan ka ng Diyos, ano ang una mong nagiging tugon? Paano ka lalago sa pagtitiwala at paniniwala mo sa Kanyang Salita simula ngayon?
- Ano ang mga pangakong pinaniniwalaan mong matutupad ngayon? Paano ka lalalim sa Kanyang Salita at mananalig sa Kanyang mga pangako ngayong linggo?
- Mag-isip ng mga kapamilya o kaibigan na maaaring nagdududa sa mga pangako ng Diyos. Paano mo siya mabibigyan ng pag-asa sa pamamagitan ng kuwento ni Zacarias?